Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-8 NG AGOSTO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 171-T'2001*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA S. LAZARO AT SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NA HUWAG NANG PABAYARAN (CONDONATION) ANG HALAGANG SAMPUNG MILYONG PISO (P10M) KASAMA ANG TUBO NITO NA INUTANG SA PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NA IPINAGPAGAWA NG PAMILIHANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.*

*SAPAGKAT*, ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz ay nagkaroon ng pagkakautang sa pamahalaang panlalawigan ng halagang Sampung Milyong Piso na ipinagpagawa ng bagong pamilihang bayan;

*SAPAGKAT*, malaki ang pananagutan ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz sa kasalukuyan upang malutas ang mga suliraning kinakaharap nito sa pamamahala at paglilingkod sa bayan;

*SAPAGKAT*, walang sapat na kakayahan ang pamahalaang bayan upang mabayaran ang naturang halagang inutang nito sa pamahalaang panlalawigan;

*KUNG KAYAT, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro at Sangguniang Panlalawigan na huwag nang pabayaran (condonation) ang halagang P10M kasama ang tubo nito na inutang sa Pamahalaang Panlalawigan na ipinagpagawa ng pamilihang bayan ng Santa Cruz, Laguna.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Pinuno sa Badyet, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:
KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan